



# NEKROPILYA

The lust to have sex with  
the dead

Isang mekaniko si Jake sa isang car shop sa lungsod ng Butuan City. Lapitin siya ng mga babae dahil sa kakisigang taglay niya. Madalas siyang walang suot na pang-itaas kapag nagkukumpuni ng mga bagay-bagay kaya kung sinu-sinong babae na lang ang nahuhumaling sa kanya at nagsasadyang magpunta sa car shop para magpaayos ng sasakyan sa kanya.

Matangos ang ilong ni Jake. Well-structured ang panga. Malalim at kulay deep brown ang mga mata. Wavy ang buhok. Matipuno ang pangangatawan at hindi maipagkakailang malakas ang sex appeal.

Hindi sapat ang kita niya sa pagmemekaniko para ipantustos sa araw-araw na gastusin kaya minsan, napipilitan siyang makipagtalik sa mayayamang matronang lumalapit sa kanya sa car shop.

Hindi pa siya pamilyado, 24 years old pa lang siya kaya madalas siyang gawing hapunan ng mga matatandang dalagang nagkakainteres sa kanya.

Hindi na bago si Jake sa gawaing ito. Alam niyang mali pero minsan, hinahanap-hanap na ng sistema niya ang nakaugaliang gawaing ito. Minsan, hindi lang matanda ang pinapatos niya. May mga dalagitang gusto ring sumubok sa kanya pati na mga kapwa niya lalaki. Alam niyang mali pero... *tila hindi na niya mapigilan.*

Parang drugs na kapag tinigilan niya ay paniguradong mababaliw siya.

Bukod din kasi sa kumikita siya ay nalalapas niya rin ang langit. Langit na alam niyang ilalaglag siya sa impyerno balang-araw.

Sabi nga nila, *“Addiction comes when pleasure is too much.”* Parang ganoon na nga ang nangyari sa kanya. Naging adik na siya sa sex.

Lahay yata ng uri ng tao, nasubukan na niya. Babae. Lalaki. Matanda. Dalaga. Bading. Gayunpaman, parang may gusto pa siyang subukang iba. Sumasagi sa isip niya ang ideyang, *“Ano kaya kung makipagtalik ako sa patay? Ano’ng pakiramdam? Katulad din kaya ng pakiramdam sa buhay?”*

“Uy, p’re!” Nabalik sa ulirat si Jake nang tapikin siya ni Bernard, kasama niya sa car shop.

“Ba’t ka ba nanggugulat, p’re?” reklamo ni Jake. Inilagay na niyang muli sa sasakyan ang kanina niya pang hawak na gulong.

Humalakhak si Bernard. “P’re? Ba’t ang lalim yata ng iniisip mo? May naikama ka ba kagabing maganda, ha? Ano? Tinitigasan ka pa rin?”

Natawa lang si Jake sa tanong ni Bernard lalo na nang tampalin nito ang zipper niya. Kahit kailan, luku-luko talaga itong kaibigan niya. Madalas niya itong kasama sa inuman o sa kahit saang trip. Katulad niya, may hitsura rin ito. Sa katunayan nga, si Bernard ang nagguyod sa kanya na subukan ang pagbebenta ng laman. Hanggang ngayon, nakasagad pa rin sa isipan niya ang mga dating salita ni Bernard na mas lalong nag-uudyok sa kanyang ipagpatuloy ang nasabing gawain.

*“Lalaki tayo. Walang mawawala sa atin kahit ilan pa ang makatalik natin. At ayaw mo n’un? May mga tao tayong natutulungan. May mga biyudang malulungkot na napapasaya natin.”*

Kinagabihan, inimbita ni Bernard si Jake na makipag-inuman sa kanto ng *Kordoval Subdivision* kung saan ito nakatira. Apat silang nag-inuman doon bilang pag-alala sa pang-*cuarenta dias* ng pagkamatay ng pinsan ni Bernard.

Sisig ang ginawa nilang pulutan sa gitna ng mga walang kuwenta nilang kuwentuhan.

“Alam mo, p’re, walang pinagkaiba ang patay sa buhay. Pareho lang masarap. Mas

ayos pa nga 'yung patay kasi walang sagabal. Sarili mo lang pinapasarap mo!”

Nagtawanan ang tatlong kasamahan ni Jake. Nilunok niya ang alak sa shot glass habang pinapanood ang pagtawa ng mga kainuman niya.

“Ikaw, Jake? Gusto mo bang makaranas na makipagtalik sa patay?” tanong ni Rayver.

Marahang inilagay ni Jake ang baso sa lamesa. “Siguro. Hindi ko alam.” At natawa na lang siya kahit na tinigasan at nag-init ang katawan niya sa ideya

Natapos ang inuman nila nang pumatak ang alas diez ng gabi. May ipinanukalang curfew sa lugar nila kaya napilitan na silang tapusin ang inuman.

“Shoot!” Natatawa at nahihilong naglalakad si Jake sa kalsada. Hindi siya sigurado kung lumagpas na ba siya sa bahay niya. Ang nasa isip niya ay basta kailangan niya lang maglakad nang maglakad.

Pasalamantalang huminto ang lasing na si Jake sa harap ng isang establisyimento.

Mahina niyang binasa ang salitang *MORGUE* sa isip niya. Natawa siya at inulit ang salitang nabasa.

“Morgue. Tangna. Mga patay ang nasa loob noon, ah?” Mabigat at mababa ang boses ni Jake dahil sa sobrang kalasingan.

Wala sa isip siyang pumasok, sa likuran nagdaan. Sa pagbukas niya ng pinto

ay nalanghap niya ang nakakasulasok at nakakasukang amoy ng formalin na nanunuot sa lalamunan niya.

Hindi niya nakayanan at napaubo siya. Pansamantala niyang tinakpan ang ilong gamit ang kamay. Dahan-dahan siyang naglakad papunta sa loob. Unang nadapuan ng mga mata niya ang apat na bangkay na natatakpan ng puting tela.

Hindi niya mawari kung ano ang dapat na maramdaman. Kinakabahan siya na nandidiri. Gusto niyang masuka lalo na nang makita sa gilid ang putol na paa at kamay na inuud pati na ang fetus na nasa loob ng isang garapon.

Marahan niyang binuklat ang telang nakatabing sa bangkay na pinakamalapit sa kanya.

Bangkay iyon ng isang lalaki ng halos hindi na makilala dahil sa pagkawasak ng mukha. Tila nasagasaan ng truck.

“Ulk!” Muntik pang masuka si Jake. Mabuti na lang at napigilan niya ang sarili.

Lumipat siya sa ikalawang bangkay. Marahan niyang tinanggal ang puting tela at nang makita niya ang buong mukha ng naaagnas na bangkay ay tuluyan na siyang nasuka.

*Pugot ang ulo! Inuud na!*

Hindi mawari ni Jake sa isipan niya kung dapat pa ba niyang ipagpatuloy ang

pagbubuklat ng mga tela. Makailang beses na siyang nakakita ng patay pero hindi ganito kalala na halos magkagutay-gutay na ang mga laman sa mukha.

Nagtagis ang bagang ni Jake. Lumakas ang pintig ng kanyang puso. Parang humangin kasi ng malamig sa loob ng morgue kahit wala namang aircon doon o bukas na pinto o bintana. Inilibot niya ang panigin niya sa loob. Nanindig ang kanyang balahibo. “Lasing ka lang, Jake. Lasing ka lang.”

Marahang humakbang siya sa pangatlong bangkay. Huminto siya sa tabi nito at ikinuyom ang isang kamay.

Hindi niya maintindihan ang sarili niya. Tila bumigat ang pakiramdam niya nang tumapat ang katawan niya sa pangatlong bangkay. Tila may mensahe itong ipinapahiwatig sa kanya pero hindi niya maintindihan.

“Lasing ka lang, Jake. Lasing ka lang,” bulong niya sa sarili.

Marahan niyang binuklat ang tela ng pangatlong bangkay. Una niyang napansin ang itim at malagong buhok ng nakahimlay na babae. Pangalawa ay ang noo at ang mga mga mata nito. Tila natutulog lang ito.

Isang napakagandang binibini. Sa tantya niya ay nasa labing-siyam na taong gulang lang ito. Batang-bata pa.

Hindi kagaya ng sa ibang bangkay ay hindi itinigil ni Jake ang paghila sa tela hanggang sa tumambad sa kanya ang leeg, dibdib, tiyan, at puso nito. Hanggang sa mga paa nga ng babae ay maigi niya itong pinagmasdan.

“Ang ganda. Shet.” Napamura siya. Biglang uminit ang buong mukha niya. Tila naghuhurumentado ang puso niya sa kaba. Bakit ganito ang naramdaman niya ngayon?

Mayamaya pa, biglang sumagi sa isip niya ang sinabi ng kaibigang si Bernard kanina noong nag-iinuman sila.

*“Alam mo, p’re, walang pinagkaiba ang patay sa buhay. Pareho lang masarap. Mas ayos pa nga ’yung patay kasi walang sagabal. Sarili mo lang pinapasarap mo!”*

*“Ikaw, Jake? Gusto mo bang makaranas na makipagtalik sa patay?”*

Muling napatingin si Jake sa bangkay. Biglang uminit ang pakiramdam niya. Bakit ganito? Bakit parang nahuhumaling siya sa babaeng bangkay na nasa harapan niya?

Mayamaya pa ay nagtanggap siya ng pang-itaas. Mula sa leeg, sa maskuladong dibdib, sa tiyan na tadtad ng abs ay pinaglandas niya ang kanyang kamay. Bakit ganito ang nararamdaman niya? Bakit ang init-init? Bakit?

Mayamaya pa ay tinanggal niya ang natitirang saplot ng babaeng bangkay. Alam

niyang mali ang gagawin niya pero hindi niya mapigilan ang sarili. Nagliliyab ang dugo niya ngayon at hindi niya ito kayang palamigin. Masyadong mainit. Nakakapaso.

Tinanggal ni Jake ang sinturon at ang maong niya. Marahan siyang pumatong sa babaeng bangkay at mayamaya pa ay naganap na nga ang hindi dapat mangyari.

Bukod sa malamig ang katawan nito ay wala nang iba pang mairereklamo si Jake.

Maganda ang babaeng ito.

Makinis ang kutis.

At higit sa lahat ay *masikip* pa rin ito.

Nakuha ni Jake na pumikit at mapaungol sa kakaibang sarap na nararamdaman niya.

Iba pala kapag malamig sa loob. Kakaiba. Kakaiba sa pakiramdam.

Sa loob ng sampung minuto, napuno ng malalakas na ungol ni Jake ang buong morgue. Wala siyang pakialam kung may makarinig basta ang importante ay nairaos niya ang nararamdaman.

Dalawang beses siyang nilabasan dahil sa sobrang sarap.

Nang matapos si Jake ang mabilis siyang nagbihis at dali-daling lumabas ng morgue.

Magaan ang pakiramdam niya at nakuha pa niyang ngumiti. Pero makalipas ang ilang oras, bandang alas dos ng madaling araw ay nakarinig siya ng malalakas na sigaw sa labas ng bintana niya.



“HAYOP KA! HAYOP KA!”

Nakapikit pa rin ang mga mata ni Jake at nakalibing pa rin ang kanyang diwa sa malalim na pagkakaidlip.

Nakahiga siya sa kama niyang gawa sa kawayan habang paalon-alon ang kurtinang puti sa bintana niya, tinatangay ng hangin.

Binalewala lang ni Jake ang mga sigaw na naririnig niya. Sa ganang kanya ay baka dulot lang ito ng alak sa kanya. Napadami ang inom niya kanina kaya kung anu-ano na lang ang naririnig niya.

Ngunit hanggang magbukang-liwayway ay naririnig pa rin ni Jake ang mga pagsigaw na may kasamang pag-iyak.

Hindi niya maintindihan ang sarili pero bigla siyang kinilabutan nang magising siya.

“O, Jake! Kaon na ug kaligo na! Basig mauwahi na pud ka sa imong trabaho.” (O, Jake! Kumain at maligo ka na! Baka mahuli ka naman sa trabaho mo.) Iyon ang sabi ng lola niya na kasalukuyang nagluluto ng agahan sa kusinang gawa sa pinagtagpi-tagping kahoy ng niyog.

“Opo, ‘La!” ani Jake at mabilis na siyang naligo sa banyo. Simple lang ang buhay niya dito sa Butuan City. Gawa lang sa nipa ang bahay ng Lola at Lolo niya kung saan siya nanunuluyan. Kasama niya rin ang iba niyang pinsan na ang mga magulang ay may iba nang pamilya.

Walang saplot si Jake noong naligo siya. Blangko rin ang kanyang utak dahil sa ginawa niyang kabulastugan kagabi. Kahit lasing, malinaw niyang naaalala ang lahat. Malinaw rin niyang naaalala ang pakiramdam ng makipagtalik sa babaeng maituturing na ginahasa niya kagabi.

Kakaiba ang nangyari sa kanya kagabi, pero ang gawaing iyon ay hindi na iba sa mga gawain ng nasa karatig-bayan nila. Makailang beses na siyang nakarinig ng kuwento tungkol sa mga lalaking nakipagtalik sa patay, pero wala pang nakukulong dito. Sa kasalukuyang institusyon sa Pilipinas, wala pang naipapasang batas na magkukulong sa sinomang makikipagtalik sa patay. May batas na kasalukuyang inihahain pero hindi naman ito napagtutuunan ng pansin.

“HAYOP KA!”

Natigilan si Jake sa pagsasabon sa katawan niya nang marinig ang sigaw na iyon na tila tangay ng hangin. Mabilis niyang kinuha ang puting tuwalyang nakasabit sa kahoy at dali-daling lumabas ng banyo.

Humihingal siya nang pumasok sa kuwerto. Hindi niya alam kung guni-guni lang ba ang naririnig o totoo.

---

“Walang-awa naman ang gumawa nito!  
Susmaryosep!”

Natigilan sa pag-aalmusal si Jake at

ang kanyang dalawang babaeng pinsan sa bulalas ng lola nila sa harap ng hapagkainan.

“Ano ba ‘yan?” anang lolo niya at marahang kinuha ang diyaryong hawak ng kanyang lola.

Nakita niya ang pagkunot ng noo ng kanyang lolo. Bahagyang tumigil si Jake sa pagkain at sumilip sa diyaryong kasalukuyang binabasa ng matanda. “Ano ho ba ‘yan, Lo?”

Iniabot nito ang diyaryo sa kanya. Hindi talaga nagbabasa si Jake ng pahayagan, pero nang makita niya ang headline sa diyaryong hawak-hawak ay nanlaki ang kanyang mga mata at napilitan siyang ituloy ang pagbabasa.

**BABAE GINAHASA, INIWANG WALANG SAPLOT SA DAMUHAN.**

May larawan doon ng biktima.

“Jake? Apo? May problema ba?” tanong ng lola niya, napansin siguro ang pagbabago sa kilos ng apo.

Tila hindi narinig ni Jake ang tanong. Nakadikit sa diyaryong hawak niya ang kanyang paningin. Mayamaya pa ay humihingal na siya, mabilis ang tibok ng puso at nanghahapdi sa luha ang mga mata.

Sigurado siyang ang babaeng nasa diyaryo ay iyon ding nasa morgue kagabi!

Mabilis na tumayo si Jake mula sa hapag

at agad na pumunta sa banyo. Doon siya bumuga ng marahas na hininga. Mabigat ang loob niya. Parang tinutusok ng karayom ang puso niya. Kusang tumulo ang mga butil ng luha mula sa mga mata niya. Umawang ang kanyang bibig at humigpit ang kanyang lalamunan. Tila sinasakal siya ng sariling konsyensya.

Buong araw na paulit-ulit na bumibisita sa isipan niya ang imahe ng babae. Mabigat ang pakiramdam niya at tila naliligaw ang isipan niya kakaisip dito.

Pinaghalong konsyensya at pandidiri sa sarili ang bumabagabag sa kanya. Hindi siya nakakain nang maayos at wala rin sa kondisyong magtrabaho. Paulit-ulit na kumakatok sa isipan niya ang larawan ng babae.

“Pareng Jake! Inom tayo!” ani Bernard sabay akbay sa kanya. Dumating ito nang alas cinco ng hapon. Kakatapos lang nilang ayusin ang isang *Honda Civic*. Naayos naman nila iyon kahit pa naglalayag ang isipan niya.

“P’re, kakainom lang natin kagabi,” ani Jake.

“Pare! Ang KJ mo! Tara na!”

Wala na siyang nagawa. Sumunod na lang siya kay Bernard. Mainam na rin sigurong uminom siya ngayon nang sa gayon ay mawala sa isip niya ang babaeng iyon.

Inuman, tawanan, batuhan ng mga mura at maduduming salita ang nangyari sa pagsasama-sama nilang magbabarkada. Nauwi iyon sa paglapit ng kung sinu-sinong mga babae sa kanila.

May hitsura at katawan na maipagmamalaki si Jake at ang barkada niya kaya kahit nakaupo lang sila, babae na mismo ang lumalapit.

Tig-iisa sila ng babae. Sa iisang kuwarto. Sa iisang kama. Apat na barkada. Apat na babae. Papalit-palit ng puwesto.

Nang matapos ay lasing pa ring umuwi sina Bernard at Jake. Pagewang-gewang sa daan. Patawa-tawa. Lunod sa alak.

Nang mawalan ng lakas ay napahinto sila sa isang lumang gusali na may nakapaskil sa taas na "MORGUE."

"Bernard? Ano'ng iniisip mo?" tanong ni Jake nang makita ang ngisi ng kaibigan.

"Pasok tayo sa loob!"

"Hoy! Bernard! Tangna!" Mabilis na napatakbo si Jake para sundan ang kaibigan.

Nang mahuli niya ito sa pintuan ay agad niyang hinawakan ang balikat nito.

"Shh!" nakangisi at tila natatawang ani Bernard.

"Ano'ng gagawin mo?"

"Basta. Chill ka lang." Hindi na napigilan pa ni Jake ang gustong gawin ng kaibigan.

Hinayaan niya itong pumasok sa halos abandonado nang morgue. Isang morgue sa Butuan City para sa mga bangkay na wala nang kukuha, walang pamilya o kamag-anak.

Kadalasan, derecho sa hukay ang mga bangkay na itinatambak dito na pinapalagi ng pitong araw, at kapag wala talagang kumuhang kamag-anak ay bibilhin ng mga nursing students o di kaya ay gagawing pataba na lang sa lupa.

“May babaeng ginahasa kahapon at dito raw inilagay. Makinis ’yung babae. Mukhang masikip kahit pa may umuna na. At di ba sabi ko sa ’yo, try natin ’to minsan? Ako na muna ang mauuna, ha? Salitan tayo, p’re.”

Hindi mawari ni Jake kung ano ang dapat niyang maramdaman. Kung maiinis ba siya sa kaibigan o mandidiri. Nagawa na niya ito kagabi nang makailang beses kaya sino siya para husgahan ito na... katulad lang din niyang mag-isip?

Pinanood ni Jake ang paghuhubad ng kaibigan hanggang sa wala na itong anumang suot. Ang dahan-dahan nitong pag-indayog sa babaeng bangkay ay nagbigay sa kanya ng kakaibang pandidiri. Nakita niya ang sarili sa kaibigan niya.

Bakit niya ito hinahayaan?

“Ahh, Jake! Shet! Ang sarap ng babaeng ito!”

Lalong napapikit si Jake. Nakikita niya sa isip ang larawan ng babaeng ginagalaw ng kaibigan niya. Walang kamalay-malay. Walang emosyon. Walang buhay.

“Bernard!” galit na sita niya. Alam niyang nasasapian pa rin siya ng ispiritu ng alak pero hindi na ito tama.

“Tekang lang, Jake. Hindi pa ako tapos. Hindi pa ako nilalabasan.”

“Bernard! Tama na sabi!” sigaw niya.

“Tangna, Jake. Ano ba’ng problema mo?” Wala pang isang segundo ay napahalik na ang hubo’t hubad na kaibigan ni Jake sa malamig at naglalangis na sahig ng morgue.

Natagpuan ni Jake ang sarili na humihikbi sa kalagitnaan ng pagbibihis ng kaibigan. Hindi niya alam kung ang dahilan ba ng biglang pagbagsak ng emosyon niya ay ang kalasingan o dahil sa nalaman niya sa diyaryo kanina tungkol sa babaeng bangkay na nandito pa rin sa morgue ngayon.

“Lasing ka na! Tara na nga!” Inakbayan ng bihis nang si Bernard ang humihikbi pa ring si Jake. “Tangna. Hindi mo ’ko hinayaang makatapos. Hindi ako nilalabasan. P’ano kung sa ’yo na lang kaya ako magpalabas, p’re?”

---

“Lola Lusing, ’andito na po si Jake. Lasing!” ani Bernard nang makarating sa bahay ng matanda.

“Diyos ko! Ano’ng nangyari dito?”

“La, magandang gabi.” Nagbato si Jake ng ngiting lasing sa sariling lola.

Matiwasay na nakatulog ang binata dahil sa kalasingan. Malamig ang gabi at walang kahit anong ingay ang maririnig sa labas ng bahay maliban sa mga huni ng mga palaka at mga tipaklong na lalong nagpalalim sa pagkakahimbing ni Jake.

Ngunit nang pumatak ang dalawang kamay ng orasan sa numerong doce ay naalimpungatan siya nang dumalaw ang malakas na hangin mula sa bintana ng kuwarto niya.

Kakaiba ang hangin. Parang galing iyon sa madilim na parte ng kakahuyan at tila may dala-dala rin itong boses.

Pabaling-baling ang ulo ni Jake sa unan habang natutulog pa rin na tila nahihirapang huminga. Panay rin ang paggitiw ng pawis sa kanyang katawan.

Gusto niyang imulat ang mga mata, pero hindi niya magawa. Hindi siya makagalaw!

“TULLOONG!” Narinig ni Jake ang pagsigaw ng isang babae na tila umiiyak at nagmamakaawa. “TULUNGAN MO AKO.”

“MAAWA KA.”

Panay ang pag-agos ng luha ni Jake habang naririnig ang boses na iyon. Wala siyang makita pero nararamdaman niya at naririnig ang hinagpis ng isang babae.

Mayamaya pa ay nagimbal si Jake



nang may makita siyang malabong senaryo kung saan tumatakbo ang isang umiiyak na babae. Gutay-gutay na ang suot nitong puting damit.

“WAHAHA! P'RE! NAGPAPAKIPOT PA YATA!”

Nakita rin ni Jake ang dalawang lalaking nakasakay sa isang *Honda Civic*, sinusundan ang babaeng umiiyak.

Hindi mahinuha ni Jake kung saan niya nakita ang dalawang lalaking iyon, pero parang pamilyar ang mga ito sa kanya. Panay ang tawa ng dalawa at mayamaya pa ay bumaba na ang mga ito ng sasakyan at mabilis na dinamba ang walang kalakas-lakas na babae.

“HMM. SHET, P'RE! ANG BANGO!” anang naka-orange T-shirt na lalaki nang singhutin nito ang leeg ng babae.

“TARA, P'RE, DOON NATIN TIRAHIN!”

Hindi makagalaw si Jake sa kinatatayuan nang makita niyang kinuha ng dalawang lalaki ang babae at dinala ito papunta sa madilim na kakahuyan.

Nang magtangka siyang kumilos ulit, nilamon ng dilim ang pangitaing nasasaksihan niya.

Napasigaw si Jake sabay bangon mula sa kama. Habol ang paghinga, mabilis ang pagpintig ng puso.

Pulido pa ring nakapinta sa isipan niya

ang napanaginipan. Napayuko siya. Naiyak. Wala siyang nagawa.

Pagsisisi at pagkakonsyensya ang nararamdaman niya.

Nang gumalaw ang puting kurtina sa bintana sa paghaplos ng malamig na hangin, natigil sa pag-iyak si Jake. Nakita niya sa isip ang pangalang nagsisilbing pendant sa kuwintas ng babae sa kanyang bangungot.

*“Paloma,”* nasambit ni Jake.

---

Maagang umalis si Jake ng bahay para puntahan ang lugar na napanaginipan niya. Ang mismong lugar kung saan niya nakita ang babae at ang dalawang demonyong pumatay rito.

Hindi niya alam kung bakit niya ito ginagawa. Siguro iniisip niyang sa pamamagitan nito ay mabibigyan niya ng hustisya ang babaeng pinagsamantalahan niya. Gusto niyang bumawi sa kasalanang ginawa niya.

Malapit lang sa bahay nila ang lugar kaya mabilis siyang nakarating doon. At kakaiba ang naramdaman niya ngayong narito na siya sa nasabing lugar.

Mabigat. Nakapanlulumo ang mahaba at konkretong kalasada na may mayayabong na puno sa gilid.

Naipikit niya ang mga mata nang muling makita sa isip ang mukha ni Paloma.

“Tutulungan kita,” bulong ni Jake at mayamaya ay may dumamping malamig na hangin sa balat niya.

Buong araw na nagtanong-tanong siya sa mga bahayan sa paligid, pati sa mga nakakasalubong at nagdaraan, umaasang may nakakakilala kay ‘Paloma’ sa mga mga naroroon, pero kung di mura ay tawa lang ang isinasagot sa kanya ng mga napapagtanungan.

“Subukan mo sa kabilang bayan, hijo. Mukhang hindi taga-rito ‘yang hinahanap mo.” Nanlumo si Jake sa sagot ng huling napagtanungan niya sa palengke.

“Sige po, maraming salamat.”

“Walang anuman, hijo. Kaanu-ano mo ba ‘yang hinahanap mo? Nobya mo ba?”

“Ah.” Malungkot na ngumiti si Jake. “Hindi po. Sige, maraming salamat ho ulit.”

---

Umuwing pagod si Jake. Akala ni Lola Lusing ay nagtrabaho sa car shop buong araw ang apo kaya hinayaaan na lang nitong dumerecho sa loob ng kuwarto nang hindi naghahapunan.

Hindi nakatulog nang maayos ang binata. Halos dalawang oras siyang papalit-palit ng puwesto sa higaan.

Mayamaya pa, habang nakatitig sa kisame ay muling lumitaw sa isipan niya ang mukha ng babae. Muling kumiro

ang puso niya habang nagugunita ang pagmamakaawa nito.

“Kailangan ba talaga kitang tulungan? Patay ka na noong ginawa ko 'yun sa 'yo. Hindi naman ako ang gumahasa sa 'yo, di ba? Ba't ako ang kinokonsyensya mo?” kausap ni Jake sa sarili.

Pangalawang araw pa lang ito ng pagpaparamdam ni Paloma sa kanya pero halos mabaliw na siya.

“Kuya? May kausap ka?” tanong ni Jenny, nakakabatang pinsan ni Jake. Nakasungaw ito mula sa likod ng dahon ng pinto ng kuwarto niya.

Katorse anyos pa lang si Jenny at kagaya niya ay parang pusa rin itong itinaboy ng magulang. Parang nakababatang kapatid na ang turing niya.

“Wala. Matulog ka na,” mapaklang sabi ni Jake.

Sa halip na isara ang pinto ay pumasok ito nang tuluyan sa silid niya. “Kuya, may sasabihin lang ako. Si Lola kasi kahapon, nakita kong sumuka ng dugo.”

Natigilan siya. Tumayo siya at lumapit sa dalagita. “May sakit siya?”

Nagkibit-balikat ito. “Pero okay naman na siya. Kanina nga, nakapagtanim pa siya ng kamote sa bakuran, eh.”

Bahagya siyang napanatag.

Lumabas na ang pinsan niya at naiwan

siyang mag-isa. Isinuklay niya ang mga daliri sa kanyang buhok.

---

Sa kabila ng gumugulo sa kanyang isipan, mahimbing na nakatulog si Jake.

May puting usok na pumasok sa bintana at makalipas ang ilang sandali ay napaungol siya nang maramdaman ang paninikip ng lalamunan.

Tumagaktak ang pawis sa kanyang katawan. Gusto niyang imulat ang mga mata pero hindi niya magawa. Parang may humahabol sa kanya, pero kahit gustuhin niyang tumakas ay hindi siya makatakbo.

*“TULUNGAN N’YO AKO!”*

Tinig iyon ni Paloma.

Lumingon siya at naroon siya sa kalsadang napanaginipan niya kagabi. Madilim. Walang tao. Pero may naririnig siyang mga boses.

*“Huwag n’yo po akong galawin, Sir Mike. Maawa po kayo. Sir Erick, huwag po. Maawa po kayo! May mga kapatid pa po akong umaasa sa ’kin!”* Humikbi ang babae.

Rinig na rinig ni Jake ang boses na iyon pero wala siyang makita. Tanging kalsada, mga punong-kahoy at bangin ang nasa unahan niya.

*“P’re! Shet, ang kinis niya talaga.”*

*“Oo, p’re. Mabuti at naging dancer natin ’to sa show. Makinis at mukhang masarap.”*

*“Kaso, noong niyaya kong makipag-sex sa akin, eh, aba! Humindi! Tangina, p’re! Lahat ng dancers dumadaan sa akin pero itong tangang ’to, huminde? Ang kapal!”*

*“Sir Erick, huwag po! Maawa po kayoo!”*

*“TUMAHIMIK KA!”*

*“P’re, simulan na natin. Ako na mauna.”*

*“Sige, p’re. Ako ang hahawak sa kamay nito para hindi na makaalma.”*

*“AAHHHHH! HUWAG PO! HUWAG PO! TULONG!”*

*“Shet, p’re!”*

Hindi na nakayanan ni Jake ang naririnig. *“TAMA NA!”*

*“KUYA JAKE!”*

Napadilat ng mga mata ang binata nang marinig ang sigaw ng pinsang si Jenny. Pero kadiliman lang ang nakikita. Nang tumungo siya, nalula siya sa malalim na bangin sa harapan niya.

Nawalan siya ng panimbang at tuluyang nahulog sa bangin.

Natagpuan na lamang niya ang sarili kinaumagahan na nasa ospital, may bali sa paa.

*“Jake? Ano ba’ng pumasok sa isip mo’t tumalon ka? Mabuti na lang at buhay ka!”* Panay ang iyak ni Lola Lusing sa tabi ng kama niya.

Wala siyang maisip na matinong sagot sapagkat hindi rin niya alam kung paanong

napadpad siya sa bangin na iyon habang natutulog siya.

Umuwi na muna ang lolo at lola ni Jake para kumuha ng ilang damit niya. Naiwan ang pinsang si Jenny para magbantay.

“Kuya, nakita kita kagabing naglakad palabas ng bahay. Tinanong kita kung saan ka pupunta pero hindi ka sumagot. Blangko ’yung tingin mo at sobrang derecho ng lakad mo.”

Kinilabutan si Jake sa sinabi ng pinsan. Wala siyang maalalang lumabas siya ng bahay kagabi.

“Sinundan kita at noong nakita kong tumayo ka sa may bangin sa kabilang kalsada, kinabahan ako nang sobra. Gusto kitang hilahin pero pinangunahan ako ng kaba. Hindi agad ako nakatawid. Sorry, Kuya.” Napaiyak si Jenny.

“Okay lang, Jenny. Huwag mong sisihin ang sarili mo.”

Mayamaya pa ay pumasok na ang doktor. Magiliw nitong binati si Jake at kinumusta. May mild fracture daw siya sa paa.

“May nagbayad na ng bill mo, Jake.”

Nagulat siya sa sinabi ng doktor. “Sino ho?”

“Actually, nandito sila at gusto ka nilang makausap.”

Lumabas muna ang pinsan niya at mayamaya pa ay may dalawang lalaking

magkasunod na pumasok sa ward na inookupa niya.

Nang makita niya ang mukha ng dalawa ay bigla siyang dinaluhong ng matinding kaba.

“Chill,” sabi ng lalaki nakasuot ng orange na T-shirt na may tatak na logo ng isang cable station.

Napabangon si Jake mula sa kama at nagpilit na sumandal. Lumabas ang doktor matapos siyang alalayan.

“Kilala mo ba kami?” tanong ng isa pang lalaki.

“Hindi. Hindi ko kayo kilala,” sagot ni Jake.

Sinuntok siya ng lalaking nagtanong sa kanya.

“Hoo!” tawa ng lalaki, at hinipan ang kamay na ginamit sa pagsuntok sa kanya.

“Nabalitaan naming tumalon ka sa bangin at nag-report ka sa pulis tungkol sa napanaginipan mong dalawang lalaki na nangghasa ng isang babae. Sabihin mo, nakita mo ba kami habang ginagawa iyon?”

“Hindi,” sagot ni Jake, at muling nakatanggap ng suntok.

“Hoo! Ang tigas ng panga, p’re.” Nagtawanan ang dalawa.

Tiniis lang niya ang sakit. At, oo, kaninang umaga, kinausap siya ng mga pulis ukol sa pagtalon niya sa bangin. Sinabi niya



ang mga detalyeng nakita at narinig niya sa kanyang panaginip. Na Erick at Mike ang pangalan ng dalawang lalaking gumahasa kay Paloma. Na producer ng isang palabas sa isang cable channel station ang mga rapists. At ang babaeng nagahasa ay dancer sa show na pino-produce ng dalawa.

Noong una ay ayaw maniwala ng mga pulis, pero ipina-sketch na rin ng mga ito ang mga suspek, ayon sa paglalarawan ni Jake.

Kung natatakot man siya ngayon, para na lamang iyon sa maaaring gawin ng mga demonyong ito sa pamilya niya.

“Napanaginipan ko kayong dalawa,” sagot ni Jake.

Humagalpak ng tawa ang mga ito.

“ANO’NG AKALA MO SA AMIN? TANGA?”

Mayamaya ay may kumatok sa pinto. “KUYA? OKAY KA LANG D’YAN?”

Binitawan ni Erick ang kuwelyo ni Jake. “Bawiin mo ang sinabi mo sa mga pulis kung di ay malilintikan ka at ang pamilya mo.”

Lumapit si Mike kay Jake at may isinuksok na makapal na pera sa loob ng pantalon niya. “Nakita naming sumusuka ng dugo ang lola mo sa labas. Malaking pera ’yan, kasing-laki ng ari mo! Tumahimik ka lang, ayos na ang lahat.” Kinindatan siya nito at tinapik ang perang nasa tapat ng zipper ng pantalon niya.

Nang lumabas ang dalawa ay napaiyak si Jake. Kanina rin kasing umaga, nalaman niyang may Active Tuberculosis ang lola niya. Nalungkot siya sapagkat itinago ito ni Lola Lusing sa kanya upang hindi na siya mamroblema sa gastos.

Ngayon, lulunukin na lang ni Jake ang pride at tatanggapin ang pera ng dalawang lalaki kapalit ng pagtahimik sa kaso ni Paloma.

Makalipas ang ilang araw ay gumaling na si Jake. Nagpunta rin siya sa pulis para sabihing gawa-gawa lang niya ang kuwento dahil sa kalasingan. Bumuti ang lagay ng lola niya pero hindi bumuti ang estado ng konsyensya niya.

---

Hindi nakakatulog nang maayos si Jake. Lagi niyang naririnig ng paghingi ng tulong ni Paloma.

“TAMA NA! TAMA NA!” sigaw niya habang umiiyak. Nasa labas siya ng bahay. Ayaw niyang marinig siya ng mga kapamilya niya.

“*Hayop ka, Jake. Hayop ka! Nagawa mo akong gahasain at nagawa mo ring ipagpalit ang hustisya ko para sa pera at katahimikan mo. Hayop ka,*” bulong ng boses.

“HINDI KA TOTOO! GUNI-GUNI KA LANG!”

“*Magbabayad ka, Jake! Magbabayad ka!*”

---

**BREAKING NEWS:** *Isang lalaki ang tumalon sa bangin. Napag-alaman na lango ito sa alak nang gawin ang hinihinalang pagpapakamatay. Sinasabing sa nasabing bangin din itinapon ang isang babaeng biktima ng rape. Ayon din sa mga pulis, ang lalaking tumalon ang main suspek at umamin na siya ang gumahasa sa babae.*

“Tangna! Ano’ng pumasok sa utak ng kaibigan mo Bernard at tumalon sa bangin?”

Lumagok si Bernard ng alak. “Hindi ko alam. May saltik yata sa utak ’yan.”

Nang matapos sa inuman ay pagewang-gewang na naglakad si Bernard. Napahinto siya sa morgue. Pumasok siya roon at nagulat nang makita ang bangkay ng kaibigang si Jake. Wala itong saplot.

Napangisi siya. “Pasensya na, Pareng Jake. Walang babae dito sa morgue. Taglibog ako ngayon at ikaw muna ang paparausan ko ng sarap.” At sinimulan ni Bernard ang panghahalay kay Jake hanggang sa labasan. **WASAK!**